


# Paano Magbibigay ng Paunawa

Ang pagbibigay ng paunawa ay mahirap. Kung hindi mo ito nagawa nang tama, puwedeng maantala ang iyong kaso. Sundin ang mga hakbang sa papel na ito.

**1** **Sagutan ang iyong mga porma ukol sa hukuman, gumawa ng 3 kopya at dalhin ang mga ito sa klerk ng hukuman.** Isusulat ng klerk ang petsa at oras ng iyong pagdinig sa *Notice of Hearing,* GC-020.

**2** **Gumawa ng isang kopya ng mga porma sa ibaba para sa bawat tao at ahensiya ng gobyerno na dapat mong bigyan ng paunawa.**

- ○ GC-210 – *Petition*
- ○ GC-211 – *Consent and Waiver*
- ○ FL-105/GC-120 – *Declaration UCCJEA*
- ○ GC-248 – *Duties of Guardian*
- ○ GC-020 – *Notice of Hearing*

**3** **Magbigay ng personal na paunawa sa mga magulang ng bata (o sa taong may legal na pag-iingat ng bata), at sa bata kung 12 o mas matanda.**

Ito ay nangangahulugan na ang isang tao – **hindi ikaw** – ay dapat na personal na magbigay (maghain) ng isang kopya ng mga pormang ito 15 araw bago ang petsa ng pagdinig ng hukuman.

**4** **Ang taong naghahain ng mga porma** *nang personal* ay dapat sagutan ang *Proof of Service,* 982(a)(23). (Dapat sagutan ng tagahain ang isang hiwalay na porma para sa bawat taong binigyan o hinainan *nang personal*.)

**5** **Magbigay ng paunawa *sa pamamagitan ng koreo* sa:**

- ○ mga lolo at lola ng bata
- ○ mga kapatid ng bata
- ○ mga kapatid sa ama o ina ng bata

Ito ay nangangahulugan na ang isang tao – **hindi ikaw** – ay dapat magpadala ng isang *kopya* ng mga pormang ito 15 araw bago ang petsa ng pagdinig ng hukuman.

Kung ang mga kamag-anak ay pumayag nang ikaw ang magiging tagapangalaga *at* pumirma sila ng *Consent and Waiver of Notice* sa pormang GC-211, hindi mo sila kailangang hainan.

**6** **Magbigay ng paunawa *sa pamamagitan ng koreo* sa San Francisco Department of Human Services.** Dapat ka ring magpakoreo sa kanila ng *Background Check,* PGF-1.

*Gumawa ng isang kopya at ipadala ito sa:*
SF Dept. of Human Services
Legal Guardianship Unit, J530
P.O. Box 7988
San Francisco, CA 94120

**7** **Kung ikaw ay walang relasyon sa bata, magbigay din ng paunawa *sa pamamagitan ng koreo* sa Department of Social Services sa Sacramento.**

*Gumawa ng isang kopya at ipadala ito sa:*
State Department of Social Services
Director of Social Services
744 P Street
Sacramento, CA 95814

**8** **Dapat sagutan ng taong naghahain ng mga porma *sa pamamagitan ng koreo* ang *Proof of Service*** (sa likod ng GC-020) at ibigay ito sa iyo.

**9** **Gumawa ng mga kopya ng sinagutang mga porma ng *Proof of Service* at iharap ang mga ito sa opisina ng Klerk sa Silid 103.**

**10** ***Tandaan:*** Gumawa ng mga kopya ng lahat ng pormang ipinakoreo mo at dalhin ang mga ito kapag pumunta ka sa hukuman.

## Kailangan ng tulong?

Dalhin ang iyong mga porma sa:
ACCESS Center, Silid 208

ACCESS

**San Francisco Superior Court**
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

**415.551.5880**
www.sfgov.org/courts